# Ang Kakayahan Ni Uno



**Kuwento ni**

Alexander N. Gokotano

**Guhit ni**

Alexander N. Gokotano

# Ang Kakayahan ni UNO



***Learning Competency:***

*Solves routine and non-routine problems involving factors, multiples , and divisibility rules for 2, 3, 4 ,5, 6, 8, 9, 10, 11, and 12. (M5NS-lc-59)*



**Treasury of Storybooks**

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Gokotano, Alexander N. *Ang Kakayahan ni Uno*. DepEd-BLR, 2022.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Alexander N. Gokotano

Illustrator: Alexander N. Gokotano

Learning Resource Manager: Evangeline A. Vicencio

Davao City
Region XI



Si Uno ay isang matalinong bata. Siya ay nakatira sa isang isla na kung saan marunong bumasa at magbilang ang mga tao. Sila ay tinatawag na Tribong Makabilang.





Isang araw habang si Uno ay mag-isang namimingwit sa dagat, biglang dumilim ang paligid at lumakas ang hangin. Hindi makayanan ni Uno na ibalik sa dalampasigan ang bangka dahil sa lakas ng hangin at ulan. Wala siyang nagawa kundi ang hayaan na lang ang bangka kung saan siya nito ipadpad.

Sa isang isla napadpad si Uno dahil sa isang malakas na bagyo. Maliit lang ang islang ito at may apat na bangka na nakadaong sa may dalampasigan. Tinulungan siya ng mga nakatira sa isla. Dinala siya ng mga ito sa kanilang pinuno. Nagtataka si Uno sa hitsura ng mga nakatira sa isla. Sila ay may hitsura na parang mga titik habang siya naman ay isang numero. Namangha ang kanilang pinuno kay Uno. Tinanong siya nito, “Ano ang pangalan mo bata?” sinagot naman niya ito ng “Uno, Uno po ang pangalan ko.”








“Anong tribo ka at saan ka nanggaling Uno?”, tanong ng pinuno. “Ako po ay galing sa Tribong Makabilang, isang tribong nakatira sa kabilang isla. Napadpad po ako rito dahil sa isang malakas na bagyo,” sabi ni Uno.

“Maaari po ba akong magtanong kung anong tribo kayo?” tanong ni Uno sa pinuno.

“Kami ay Tribong Makabasa. Dalawampu’t anim lamang kaming nakatira dito sa isla. Tawag nila sa akin ay tatay Alpa, ang pinakamatanda at kinikilalang pinuno dito sa islang ito.”

Pinatira ni tatay Alpa si Uno sa kaniyang bahay at itinuring na rin niya itong kapamilya.



Nagdaan ang mga araw, dahan-dahan na ring nasanay si Uno sa pamumuhay ng mga Tribong Makabasa. Marami rin siyang nalaman sa mga tao rito. Magagaling silang magbasa subalit may isang bagay na wala silang ka-kayahan, ito ay ang bumilang!

Para kay Uno, napakahalaga na marunong kang bumilang.



Dahil sa kakulangan ng kakayahang bumilang ng mga tao sa isla, wala sila ritong mga pamilihan, palengke o anumang kalakalan na kailangan kang bumilang. Sila ay nabubuhay lamang sa pangingisda, pagsasaka, pangangaso at pag-aalaga ng mga hayop.



Hindi rin maiiwasan ni Uno na mapuna at mahusgahan ng mga kapwa niya bata sa isla. Dahil ito sa kakaiba niyang hitsura. Sinubukan din ni Uno na turuan silang bumilang ngunit pinagtatawanan lamang siya ng mga ito.

“Isa kang baliw Uno, walang silbi iyang pagbibilang mo. Hindi namin iyan kailangan! Diyan ka lang, huwag kang sumali sa mga laro namin, hindi ka namin ka tribo!” sigaw ng mga bata.



Walang nagawa si Uno kung hindi ang magsawalang-kibo na lamang.

“Bakit kaya hindi sila marunong bumilang? Ako na isang Tribong Makabilang ay marunong namang bumasa, hindi ba ito naituro ng kanilang mga guro o magulang?” tanong ni Uno sa kaniyang sarili.





Isang araw, habang nagwawalis si Uno sa labas ng bahay, niyanig ng isang malakas na lindol ang isla.

“Lumabas kayo, lumilindol!, sigaw ng mga tao.

“Boooooom!” Isang malakas na pagsabog ang maririnig. Pumutok pala ang bulkan na nasa gitna ng isla. Lumabas ang makapal na usok at nabibitak ang lupa. Panay ang takbo ng mga tao sa hindi natitiyak na direksiyon.

“Huminahon kayo! Kailangan na nating lisanin ang islang ito. Dahan-dahan nating puntahan ang dalampasigan at iwanan na ang ating minamahal na tahanan. Kahit masakit man sa atin, kailangan natin itong gawin para sa ating kaligtasan.” sigaw ni tatay Alpa.

“Saan naman tayo pupunta mahal naming pinuno?, baka wala tayong makitang lupa at mamamatay lamang sa karagatan,” nababahalang tanong ng mga tao.





“Si Uno ang ibinigay ni Bathala sa atin, sa kanilang tribo tayo pupunta, sa Tribong Makabilang sa kabilang isla.

“Huwag kayong mag-alala, mabait ang tribo namin. Pinapangako ko sa ngalan ni Bathala, tatanggapin kayo ng Tribong Makabilang!” sigaw ni Uno.

At humayo na nga ang Tribong Makabasa kasama si Uno papunta sa dalampasigan.

Nang marating ng tribo ang dalampasigan, sila ay nagtakbuhan papunta sa pinakamalapit na bangka at nagsisigawan.

"Ako ang nauna, dapat ako lang ang sasakay dito!"

"Hindi! Kami ng pamilya ko ang na-una. Umalis ka sa bangkang ito."

Dahil sa kasakiman para sa kanilang pansariling kaligtasan, hindi kinaya ng bangka ang bilang ng sumakay. Nasira ito at lumubog.

Galit na galit na sinabi ni tatay Alpa, "Magsitigil kayo! Nasira na ang bangka dahil sa kasakiman ninyo!"

"Ano po ba ang gagawin natin pinuno? Hindi tayo marunong magbilang. Ilan ba dapat ang sasakay sa mga naiwang bangka?" tanong ng mga tao.




“Isang tao lamang ang makakatutulong sa atin ngayon, walang iba kundi si Uno. Maaari mo ba kaming tulungan Uno?” nagmamakaawang pahayag ni tatay Alpa.

“Kasiyahan ko pong makatulong sa inyo. Gagawin ko ang aking makakaya,” sagot ni Uno.




Nakita ni Uno kani-kanina lamang na lumubog ang bangka dahil sa dami ng sumakay nito. “Kanina’y nasa dalawampu’t isa ang sumampa sa bangka kaya ito nasira. Ngayon ay dahan-dahan at paisa-isa kayong sasakay hanggang sa mapuno ang bangka”, sabi ni Uno sa mga tao.

“Lahat kami ay 27 ka tao. Kung pantay-pantay ko silang hahatiin, maaaring magagawa ko ang mga sumusunod na paraan sa paghati,” bulong ni Uno sa sarili.



Gamit ang nalalaman ni Uno sa pagbibilang, ito ang naging solusyon niya:

“Mayroon tayong tatlong natitirang bangka at ang bawat bangka ay may kakayahang magsakay ng labindalawa. Para pantay-pantay ang sakay ng bawat bangka, hahatiin natin sa tatlo ang lahat ng nandito. Ang bilang nating lahat ay dalawampu’t-pito kasali na ako. Ang sasakay sa bawat bangka ay siyam. Sa bilang na iyan, magiging pantay-pantay ang sakay sa bawat bangka,” paliwanag ni Uno sa mga tao.



Dito nagkatinginan ang mga Tribong Makabasa. Napagtanto nila kung gaano kahalaga ang pagbibilang at hindi lamang ang pagbabasa ang dapat taglayin ng isang tao. Sising-sisi ang mga kapwa bata sa inasal nila kay Uno.






Nilisan na nga ng Tribong Makabasa ang kanilang isla. Kinabukasan, narating na nila ang Isla ng Tribong Makabilang. Masayang sinalubong si Uno ng kaniyang pamilya. Ipinakilala at ipinaliwanag ni Uno ang nangyari sa Tribong Makabasa.

“Taos-puso po namin kayong tinatanggap dito sa aming isla. Ako at ang lahat ng kasapi ng Tribong Makabilang ay nasisiyahan sa pagdating ninyo. Bilang patunay, tuturuan namin kayong magbilang,” sabi ng pinuno ng tribu.

Masayang nagsama ang Tribong Makabilang at Tribong Makabasa sa iisang isla. Si Uno naman ay naging guro ng kapwa niya bata sa pagtuturo sa pagbibilang.





## Ang Manunulat at Tagaguhit

**Alexander N. Gokotano**



Siya ay isang Grade Five Teacher na nagtuturo sa Paaralang Elementarya ng Talomo Sentral. Siya ay-pang-apat na anak ng pamilya nina Renato at Me-cedes Gokotano. Ipinanganak siya sa Malalag, Davao Del Sur noong ika-4 ng Pebrero, 1973. Nakahiligan na niya ang gumuhit mula pa sa elementarya. Siya ay kasalukuyang naninirahan sa Matina, Davao City. Siya ay nagtapos sa kursong Bachelor of Elementary Education sa University of Mindanao. Nakahiligan na niya ang gumuhit mula pa sa elementarya. Siya ay kasalukuyang naninirahan sa Matina, Davao City.

## Ang Kakayahan ni Uno

Si Uno ay isang batang matalino at napadpad sa isang isla na kung saan ay hindi marunong magbilang ang mga tao. Kinukutya siya ng mga tao dahil kakaiba ang kanyang hitsura. Dumating ang isang sakuna kung saan kailangan ng mga tao ang magbilang at tanging si Uno lamang ang makakatulong sa kanila.

